Q Konsultasyon o Sanggunian

Bumalik sa TOP ng Q Konsultasyon o sanggunian

Kapag may anumang pag-aalinlangan o kahit anong suliranin sa inyong pamumuhay sa Japan, huwang itong itago sa sarili at huwag mag-atubiling sumangguni sa inyong mga kakilalang Hapon o mga kaibigang marunong ng wikang Hapon o sa mga sanggunian o consultation window na malapit sa inyong tinitirhan.

1 Mga sanggunian o consultation window para sa iba’t ibang kategorya ng pangungunsulta tungkol sa batas o sa mga pamamalakad (sa mga institusyong pampamahalaan sa inyong munisipyo)

Para sa mga konsultasyon ukol sa batas o sa mga sistema sa Japan, tumungo lamang sa mga consultation window na naaayon sa inyong nais sanggunian sa munispyong malapit sa inyong tirahan. Sa mga hindi marunong ng wikang Hapon, maaaring magsama ng isang taong nakakaintindi at marunong nito. May mga lugar ding mayroong serbisyong pagsasalin subali’t ito ay naiiba depende sa araw at oras kaya’t tiyakin muna ito bago pumunta.